
# Si Kit at ang Gintong Talakitok



Sinulat ni: Myline Macabuhay
Iginuhit ng: Campaigns & Grey
Inilatag ni: Rebecca Lagunsad
Patnugot: Jerson Capuyan

BAN TOXICS!

The only world worth passing
to our children is toxics-free



Punong-puno ng likas na yaman ang bayan ng Casimsiman. Nagmumula sa inang Kalikasan ang ikinabubuhay ng mga mamamayan.

Isa ang pamilya ni Kit sa mga nakikinabang sa mga yamang-mineral sa kabundukan. Gumagamit si Tatay Tikoy ng asoge o mercury upang ihiwalay ang ginto sa iba pang mineral na nasa ore.





Isang araw, habang naglalakad sa tabing-dagat, nakarinig si Kit ng ingay mula sa mga lambat ng mga mangingisda. Nakita ni Kit ang isang kaka-ibang talakitok. Manghang-mangha siya sapagkat isang nakasisilaw na kulay ginto ang isda, at kasing-liwanag ito ng Haring Araw.
Lumapit si Kit sa lambat, at nagsalita ang gintong talakitok.

"Pakiusap, tulungan mo akong makawala sa lambat na ito," ani ng isda.

"Ang pangalan ko ay Kit. Huwag kang mag-alala at tutulungan kita," sambit ni Kit habang inaalis sa pagkakagapos ang mahiwagang isda.

"Maraming salamat Kit! Ako si Prinsipe Adis. Dahil sa pinakita mong kabutihang-loob, gagantimpalaan kita ng isang kahilingan. Isa lamang akong prinsipe at hindi pa ganap ang aking kapangyarihan. Ngunit hanggang sa aking makakaya, tutuparin ko ang ninanais ng iyong puso."



Walang pag-aatubiling sumagot si Kit, "Nais kong magkaroon ng maraming ginto upang hindi na muling maghirap ang aming pamilya!"




Ikinampay ni Prinsipe Adis ang dalawang palikpik, "Matutupad ang iyong kahilingan. Bumalik ka sa iyong tahanan at matulog nang mahimbing. Isang malaking sorpresa ang sasalubong sa iyong paggising."

Bumalik sa kanilang tahanan si Kit at nagpahinga. Kinaumagahan, namulat ang kanyang mata at nakita ang isang dosenang drum ng asoge.  Galak na galak ang pamilya ni Kit sapagkat makakapagmina sila ng maraming ginto!




Nagsisimula sila sa tuwing pagsikat ng araw, at natatapos sa gabi. Ibinahagi ni Tatay Tikoy ang biyaya sa iba pang minero sa kanilang komunidad.




Subalit, kasabay ng pagdami ng ginto sa Casimsiman ay ang sunod-sunod na delubyo na kanilang nararanasan.

Nagkakasakit ang mga tao, lalo na ang mga kabataan at mga kababaihan. Hindi malaman ng mga dalubhasa ang sanhi ng sakit, kaya wala rin silang solusyon na maisip.



Aileen Smith Archive




Aileen Smith Archive

Naglakad muli sa dalampasigan si Kit upang magmuni-muni. Nakita niya si Prinsipe Adis. Ngunit wala na ang kulay nitong ginto. Napalitan na ito ng kulay ng asoge.



"Kaibigang Kit, maligaya ako dahil muli kitang nakita, subalit dumadaan sa isang malaking hamon ang sang-kalikasan," malungkot na hayag ng prinsipe.

"Ang asoge na ginagamit ninyo sa pagmimina ay humahalo sa hangin at nilalason ang mga taong nakalalanghap nito."




Napupunta ito sa kapaligiran at karagatan at unti- unting nilalason ang mga lamang- dagat. Yaong mga taong kumakain ng mga kontaminadong isda ay nagkakasakit rin."




Hindi makapaniwala si Kit sa masamang dulot ng asoge sa kapaligiran. Asoge pala ang sanhi ng mga pagkakasakit ng kanyang mga kababayan. Naisip niya ang pangangailangan na kumilos upang ibsan ang problemang nararanasan.




Sa tulong ng iba pang kabataan, ipinaalam ni Kit sa mga minero ang masamang epekto ng paggamit ng asoge sa pagmimina. Sa pamamagitan ng impormasyon mula sa mga eksperto at tulong mula sa gobyerno, pinag-aralan nila ang ibang paraan ng pagmimina na hindi ginagamitan ng asoge.





"Totoong naging maganda ang takbo ng ating kabuhayan dahil sa asoge na bigay sa atin, ngunit, tila binawi din ito dahil sa pagkakasakit ng mga tao," tugon ng isang minero.

"Marahil, nararapat lamang na ating pag aralan ang proseso na ginagamit natin sa pagmimina ng ginto. Posible kayang may mas mainam, mas epektibo, at mas ligtas na gawi ng pagmimina nito?" tanong ni Kit sa mga minero.



Pinag- aralan ng mga mamamayan ang iba pang mga alternatibo sa pagmimina.

"Tama kayo! Marami nga tayong magagawa kung lahat tayo ay magtutulungan. Ang kailangan lamang ay maging bukas ang ating isipan upang maging ligtas ang ating kabuhayan. Maraming salamat Kit at sinimulan mo ang ganitong gawain. Kahit bata ka pa, ipinakita mo na may malasakit ka sa kalikasan at sa iyong mga kababayan."

Kasabay ng pagsikat ng araw, ay hinarap din ng mga mamamayan ng bayan ng Casimsiman ang kanilang panibagong adhikain-- ang pangalagaan ang kanilang kalusugan at kapaligiran. Lumipas ang panahon at unti- unting bumalik ang sigla sa bayan ng Casimsiman. Hindi man muling nakita ni Kit ang gintong talakitok, alam niya na nasa mas ligtas na itong kalagayan.



-END-

**BAN TOXICS!**
26 Matalino St., Suite 332 Eagle Court Diliman,
Quezon City 1101 PHILIPPINES
Tele Fax: + 63 2 355 7640
Email: info@bantoxics.org
www.bantoxics.org
www.facebook.com/bantoxics
@BANtoxics

This project is supported by

Swedish Society for Nature Conservation
Diálogos
UNIVERSITY OF COPENHAGEN
GEUS